Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Quarter 1 - Modyul 13

## Week 9: Paggawa ng Plano ng Pagpaparami ng Alaga Upang Kumita (Agrikultura)



ADM
Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas

Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Grade 4
Alternative Delivery Mode
Quarter 1 - Modyul 13: Paggawa ng Plano ng Pagpaparami ng Alagang Hayop Upang Kumita
Unang Limbag, 2020

**Paunawa hinggil sa karapatang – sipi.** Isinasaad ng Seksyong 176 ng Batas ng Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala *(publishers)* at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon – Division of Valencia City
Schools Division Superintendent: Rebonfamil R. Baguio

**Development Team of the Module**

| | |
|---|---|
| **Authors:** | Riahn Ray S. Agbayani |
| **Editor:** | Ronald I. Flores, HT-1 |
| **Reviewers:** | Fortunato R. Ocaya, Jr. – EPS, MTB-MLE<br>Susan C. Sabacajan<br>Rocelyn G. Garcesa |
| **Illustrator:** | Juniver Kris B. Jimeno |
| **Layout Artists:** | John Rimmon I. Taquiso<br>Israel C. Adrigado |
| **Management Team:** | |
| Chairperson: | Rebonfamil R. Baguio<br>*Schools Division Superintendent* |
| Co-Chairperson: | Eugene I. Macahis, Jr.<br>Asst. Schools Division Superintendent |
| Members: | Jayvy C. Vegafria, CID Chief ES<br>Sarah Jane A. Valdez, EPS – EPP/TLE/TVL<br>Analisa C. Unabia, EPS – LRMS<br>Zaldy G. Ampong, PSDS<br>Joan Sirica V. Camposo, Librarian II<br>Israel C. Adrigado, PDO II |

Inilimbag sa Pilipinas ng:
Department of Education - Division of Valencia City
Office Address: Lapu-lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709
Telefax: (088) 828-4615
Website: deped-valencia.org

# 4

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan

## Week 9: Paggawa ng Plano ng Pagpaparami ng Alaga Upang Kumita (Agrikultura)

Ang kagamitan sa pagkatutong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga guro mula sa mga pampublikong paaralan. Hinihikayat namin ang ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna, komento at rekomendasyon sa Kagawaran ng Edukasyon sa region10@deped.gov.ph.

**Lubos naming pinapahalagahan ang inyong mga puna at rekomendasyon.**

**Kagawaran ng Edukasyon • Republika ng Pilipinas**

Panimula

Ang Modyul na ito ay inilimbag upang maipa-abot sa mag-aaral ang mga kaalaman kung papaano ang paggawa ng plano sa pagpili ng pararamihing hayop.

Ito ay binubuo ng tatlong aralin na mayroong iba't-ibang layunin. Ito ay ang paggawa ng plano ng pagpaparami ng alagang hayop upang kumita sa pamamagitan ng pagpili ng pararamihing hayop, paggawa ng talatakdaan ng mga gawain upang makapagparami ng hayop, at ang paggawa ng iskedyul ng pag-aalaga ng hayop.

Bawat layunin ay mayroon ding kaakibat na iba't-ibang gawaing pagkatuto upang mabigyan at maunawaan ng mga mag-aaral ang bawat layunin ng modyul na ito.

Inaasahan na basahin at unawain ang bawat panuto ng modyul na ito. Gawing kawili-wili ang pagsagot at bigyang halaga ang bawat impormasyon na matutunan sa modyul na ito.



***Mga tala para sa Guro***

Ang modyul na ito ay isang gawaing pang-indibidwal na nangangailangan ng kaukulang pansin, kaya dapat gabayan ang bawat mag-aaral na basahin, intindihin ang bawat panuto, at sagutin ang lahat ng mga gawaing pagkatuto upang mas lalong maintindihan at maunawan ang bawat layunin nito.

## *Alamin*

Isang mabuting hakbang kung papaano ang pagpaparami ng alagang hayop ay ang pagkakaroon ng plano. Ito ay magsisilbing gabay ng bawat isa upang maiwasan ang pagkakamali kung anuman ang mga binabalak gawin. Dapat itong ginagawa bago mo simulan ang anumang gawain.

Layunin sa pagkatuto:

Nakagagawa ng plano sa pagpili ng pararamihing hayop.


## *Paano matuto sa Modyul na ito:*

Upang makamit ang layunin na inilalahad sa itaas, gawin ang mga sumusunod na hakbang:

- Basahin at unawaing mabuti ang aralin.
- Sundin at gawin ang inilalahad na panuto sa bawat pagtataya at pagsasanay.
- Sagutin ang lahat na pagtataya at pagsasanay.

## *Icons sa Modyul na ito*

| | | |
|---|---|---|
|  | Alamin | Ang bahaging ito ay naglalaman ng layunin sa pagkatuto na inihanda upang maging gabay sa iyong pagkatuto. |
|  | Subukin | Ito ay mga pagsasanay na sasagutin upang masukat ang iyong dating kaalaman at sa paksang tatalakayin |
|  | Balikan | Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa nakaraang aralin at sa iyong bagong matututunan |
|  | Tuklasin | Ipakikilala ang bagong aralin sa pamamagitan ng gawaing pagkatuto bago ilahad ang paksang tatalakayin |
|  | Suriin | Ito ay pagtatalakay sa pamamagitan ng gawain sa pagkatuto upang malinang ang iyong natuklasan sa pag-unawa sa konsepto. |
|  | Pagyamanin | Ito ay mga karagdagang gawain na inihanda para sa iyo upang ikaw ay magiging bihasa sa mga kasanayan. |
|  | Isaisip | Mga gawaing idinisenyo upang maproseso ang inyong natutunan mula sa aralin. |
|  | Isagawa | Ito ay mga gawaing dinisenyo upang maipakita ang iyong mga natutunan na kasanayan at kaalaman at ito ay magamit sa totoong sitwasyon. |
|  | Tayahin | Ang pagtatasang ito ay ginamit upang masusi ang inyong antas ng kasanayan sa pagkamit ng layunin sa pagkatuto |
|  | Karagdagang Gawain | Ito ay mga karagdagang gawaing pagkatuto na dinisenyo upang mas mahasa ang iyong kasanayan at kaalaman. |



## *Subukin*

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Anong uri ng hayop na maaaring alagaan sa inyong tahanan.
   a. agila c. buwaya
   b. ahas d. manok

2. Ano ang ginagawa bago simulan ang gawain at ginagamit itong gabay sa paggawa.
   a. budget c. talaan
   b. plano d. utang

3. Alin sa mga sumusunod ang nagbibigay ng karne na kasingsustansya ng karne na galing sa manok.
   a. kambing c. daga
   b. kuneho d. pusa

4. Nagsisilbi itong tagabantay ng bahay.
   a. aso c. kuneho
   b. kabayo d. palaka

5. Isang lalagyang may tubig na kung saan inaalagaan at pinalalaki ang mga isda.
   a. aquarium c. garapa
   b. bote d. lata

6. Mahusay itong manghuli ng daga dahil sa matalas nitong pandinig, paningin at pang-amoy.
   a. aso c. pusa
   b. kalapati d. tipaklong

7. Isang uri ng daga na matuturuan sa ipapagawa sa kanya sa katulad sa carnival.
   a. kambing c.isda
   b. kuneho d.dagang costa

8. Sa pagpili ng hayop na pararamihin, dapat ito ay mabilis lumaki at madaling dumami.
    a. tama
    b. mali
    c. ewan
    d. wala sa tatlo

9. Ang itlog ng hayop na ito ay madaling mapisa, mabilis dumami at kasingsustansya ng itlog ng pugo.
    a. kalapati
    b. gansa
    c. manok
    d. pato

10. Ang mga sumusunod ay mga batayan sa pagpili ng pararamihing hayop maliban sa isa.
    a. nakapagbibigay ng pagkain sa hapagkainan
    b. nakatutulong na mabaon sa utang ang nag-aalaga.
    c. madaling alagaan at pakainin ng karaniwang pagkain.
    d. naipagbibili at nagbibigay karagdagang kita sa pamilya.


# Aralin 1 — Pagpili ng Pararamihing Hayop

Maraming uri ng hayop ang tiyak na ating mapapakinabangan lalong-lalo na ating araw-araw na pamumuhay. Ito ay mangyayari kung bibigyan natin sila ng isang maayos at wastong pag-aalaga. Kailangan din nating piliin ang alagang hayop lalo na kung balak nating paramihin ang mga ito upang makapagbigay ng karagdagang pagkain at kita sa pamilya.



## *Balikan*


Piliin at bilugan ang mga hayop na maaaring alagaan sa tahanan.





## *Tuklasin*

Sagutin ang *crossword puzzle* na ito.




Pahalang:

1. Uri ng daga na matuturuan sa ipapagawa sa kanya katulad sa carnival.
5. Hayop na magsisibing bantay sa bahay.
6. Hayop na mahusay manghuli ng daga.

Pababa:

2. Ang isang inahin nito ay mangingitlog sa gulang na tatlong buwan pa lamang.
3. Hayop na nagbibigay ng karne na kasingsustansiya ng karne ng manok
4. Uri ng hayop na maaring alagaan at palakihin sa loob ng *aquarium.*

**Batayan sa Pagpili ng Pararamihing Hayop**



**Kalapati**
- madaling pagkakakitaan.
- nangigitlog sa gulang na tatlong buwan pa lamang.
- may masustansyang itlog at masarap din ang karne ng kalapati.




**Kuneho**
- madaling alagaan
- nagbibigay ng karne na kasing sustansya ng karne galing sa manok
- madalas ginagamit sa ekspiremento ng mga siyentipiko at sa paaralan
- ang balat ay ginagamit na palamuti ng damit, tsinelas, sombrero at iba pang bagay.




**Aso**
- mainam na alagaan sa bahay
- bantay ng tahanan
- kasa-kasama sa mga gawain
- natuturuan ng mga kakaibang bagay na maari nilang gawin.



**Pusa**
- mabuting alagaan sa tahanan
- mahusay maghuling daga dahil matals ang paningin, pang amoy
- humuhuni at humihiyaw kapag masaya at may gustong ipaalam



**Isda sa Aquarium**
- ginagawang palamuti o atraksyon sa  tahanan.
- maaaring ipagbili nag mga isda sa aquarium tulad ng Goldfish, Janitor fish at iba pa.



**Dagang Costa**
- mainam alagaan at nagbibigay aliw sa nag-aalaga
- uri ng daga na matuturuan sa ipapagawa sa kanya katulad sa mga Carnival
- naipagbibili din ang mga dagang costa sa mga tindahan ng alagang hayop o pet shop.



## *Suriin*

Lagyan ng tsek ( / ) kung ito ay tumutukoy sa mga hayop na maaaring paramihin upang mapagkakakitaan.

| Batayan sa Pagpili ng Pararamihing Hayop | Kuneho | Aso | Pusa | Isda | Dagang Costa | Kalapati |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Nakapagbibigay ng karagdagang pagkain sa hapagkainan. | | | | | | |
| Mabilis lumaki at madaling dumami. | | | | | | |
| Nakatutulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mag-anak. | | | | | | |
| Nakapagbibigay ng aliw at mabuting kasama sa bahay | | | | | | |
| Madaling alagaan at pakainin ng karaniwang pagkain. | | | | | | |
| Naipagbibili at nagbibigay karagdagang kita sa pamilya | | | | | | |



## *Pagyamanin*

Alinsunod sa mga batayan ng pagpili ng pararamihing hayop, pumili ng dalawang uri nito at magbigay ng tatlong (3) dahilan kung bakit ito ang iyong napili.

______________ Hayop

1 ______________

2 ______________

3 ______________

______________ Hayop

______________

______________

______________

## *Isaisip*

Ano ano ang mga batayan sa pagpili ng pararamihing hayop?

1. ______________________________________________

2. ______________________________________________

3. ______________________________________________

4. ______________________________________________

5. ______________________________________________


6. ______________________________________________

Sa iyong palagay, bakit mahalagang isa-alang alang ang mga batayan sa pagpaplano ng pagpili ng pararamihing hayop?

________________________________________________

________________________________________________

________________________________________________



## *Isagawa*


Panuto: Punan ang hinihingi na datos sa plano ng pagpili ng pararamihing hayop.

| | |
|---|---|
| Uri ng Hayop | |
| Bilang ng hayop na sisimulan | |
| Lahi ng hayop | |
| Lugar na mapaglalagyan | |
| Klase ng pagkain | |
| Produkto na naibibigay | |
| Maaaring bilang ng anak | |
| Kikitain kapag ipinagbili ang produkto | |



## *Tayahin*

**Panuto:** Pumili ng 5 hayop sa larawan na maaring paramihin at isulat ito sa hanay A. Isulat naman sa hanay B ang mga batayan sa pagpili ng pararamihing hayop.



| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |



## ***Karagdagang Gawain***

Iguhit ang hayop na nais mong alagaan at paramihin sa inyong tahanan.

Ipaliwanag kung bakit ito ang nais mong alagaan?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

## *Answer Key*

| Tayahin C |
|---|
| Nakapagbibigay ng karagdagang pagkain sa hapagkainan. |
| Mabilis lumaki at madaling dumami. |
| Nakatutulong sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng mag-anak. |
| Nakapagbibigay ng aliw at mabuting kasama sa bahay |
| Madaling alagaan at pakainin ng karaniwang pagkain |
| Naipagbibili at nagbibigay karagdagang kita ng pamilya. |

| Tayahin B |
|---|
| 1. manok |
| 2. pusa |
| 3. baka |
| 4. pugo |
| 5. kambing |
| 6. itik |
| 7. kabayo |
| 8.aso |
| 9.ibon |
| 10.gansa |

| Tuklasin |
|---|
| 1.Dagang Costa |
| 2. Kalapati |
| 3. Kuneho |
| 4. Isda |
| 5. Aso |
| 6. Pusa |
| |
| |
| |
| |

| Subukin |
|---|
| 1. d |
| 2. b |
| 3. b |
| 4. a |
| 5. a |
| 6. c |
| 7. d |
| 8. a |
| 9. a |
| 10. b |

***Sanggunian:***

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan IV -Kagamitan ng Mag-aaral. Vibal, Inc. pp. 422-432

Kagawaran ng Edukasyon. 2015. Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan IV-Gabay sa Pagtuturo.Vibal, Inc. pp. 186-188

Department of Education. Most Essential Learning Competencies (MELC) 2020

For inquiries and feedback, please write or call:

Department of Education – Division of Valencia City

Lapu - Lapu Street, Poblacion, Valencia City 8709

Telefax: (088) 828 - 4615